# Ang Huling el Bimbo

## Eraserheads

Kamukha mo si Paraluman
Nung tayo ay bata pa
At ang galing galing mong sumayaw
Mapa boogie man o cha cha
Ngunit ang paborito
Ay ang pagsayaw mo ng El Bimbo
Nakakaindak, nakakaaliw
Nakakatindig balahibo
Pagkaggaling sa eskwela
Ay dideretso na sa inyo
At buong maghapon ay tinuturuan mo ako.Magkahawak ang ating kamay
At walang kamalaymalay
Na tinuruan mo ang puso ko
Na umibig ng tunay
Naninigas ang aking katawan
Kapag umikot na ang plaka
Patay sa kembot ng beywang mo
At pungay ng yong mga mata
Lumiliwanag ang buhay
Habang tayo'y magkaakbay
At dahang dahang dumudulas
Ang kamay ko sa makinis mong brasoSana noon pa man ay sinabi na sa iyo
At kahit hindi na uso ay ito lang ang alam koMagkahawak ang ating kamay
At walang kamalaymalay
Na tinuruan mo ang puso ko
Na umibig ng tunayLa la la la la...
At lumipas ang maraming taon
Hindi na tayo nagkita
Balita ko'y may anak ka na
Ngunit walang asawaTagahugas ka raw ng pinggan sa may Ermita
At isang gabi'y nasagasaan sa isang madilim na eskenita
Lahat ng pangarap ko'y bigla lang natunaw
Sa panaginip na lang pala kita maisasayawMagkahawak ang ating kamay
At walang kamalaymalay
Na tinuruan mo ang puso ko
Na umibig ng tunay
Magkahawak ang ating kamay
At walang kamalaymalay
Na tinuruan mo ang puso ko
Na umibig ng tunay
La la la la la...

Lyrics provided by https://www.omusic.in/